

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus, ang Haring ipinangako, na nagbibigay ng hatol nang may karunungan at nagliligtas nang may kadakilaan. Pasalamatang Siya na kahit pa Siya ay isang dakilang Hari, Siya ang Diyos na nagnanais na magkaroon ng personal na ugnayan sa atin.
- Ipanalangin na gaya ng Diyos, ang pakiki-ugnay mo sa mga tao ay hindi magiging ayon sa panlabas na anyo o sa mga sinasabi ng iba. Ipanalangin na makita mo ang tao kung paano sila nakikita ng Diyos—may pagmamahal at awa.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka magiging bahagi ng plano Niya na dalhin ang kaligtasan sa iba't ibang bayan.

NOTES



Foretold

Haring May Karunungan

WEEK 1

WARM-UP

- Anong salita ang ginagamit ng mga tao para ilarawan ka? Bakit ito ang ginagamit nila?
- May nangako na ba sa iyo na tumupad sa ipinangako niya? Ikuwento kung ano ang nangyari.
- Paano mo kinakaibigan ang mga taong naiiba sa iyo?

WORD ¹Ang maharlika angkan ni David ay parang punong pinutol. Pero kung papaanong ang tuod ay nagkakaroon ng usbong, darating din ang isang bagong hari mula sa angkan ni David. ²Mananatili sa kanya ang Espiritu ng Panginoon at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa, kakayahan sa pagpapalano, kapangyarihan, kaalaman, at takot sa Panginoon. **ISAIAH 11:1,2**

Ang aklat na isinulat ni Isaias ay para sa mga Israelita, ang mga mamamayan ng Diyos, noong sila ay dumaranas ng pagmamalupit mula sa hukbo ng Asiria. Nakasulat dito ang mensahe ng Diyos—mga babala, pangako, pagpapala, sumpa, salitang nagbibigay ginhawa, at mga paalala. Ang mga ito ay para sa mga mamamayan ng Diyos na ibinigay Niya sa pamamagitan ng propetang si Isaias. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang mga propesiya tungkol sa Tagapagligtas na magliligtas sa mga Israelita at sa lahat ng mga tao—si Jesus. Ngayon ay titignan natin kung paano sinabi ng propetang si Isaias ang mga detalye tungkol kay Jesus, ang Hari na may taglay na karunungan.

1 | Ang Hari na ipinangako.

Ang maharlikang angkan ni David ay parang punong pinutol. Pero kung papaanong ang tuod ay nagkakaroon ng usbong, darating din ang isang bagong hari mula sa angkan ni David. ISAIAS 11:1

(Basahin din ang **2 SAMUEL 7:12,13.**)

Ang buong sandatahan ng Asiria ay sumusugod palapit sa mga Israelita kung kaya't nalagay sa panganib ang kapangyarihan at pagkakakilanlan ng kanilang bayan. Sa pamamagitan ni Isaias, ipinaalala sa kanila ng Diyos ang pangakong ibinigay Niya kay David: "...ipapalit ko sa iyo ang isa sa mga anak mo, at patatatagin ko ang kaharian niya." Ang sangang ito mula sa angkan ni Jesse ay isang pangako tungkol sa isang Hari na magkakaroon ng kaharian na walang hangganan na nagbigay ng pag-asa at seguridad sa mga Israelita. Ang pangakong ito ay para rin sa atin na hindi Hudyo. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 15:12 tungkol sa anak ni David? Ano ang kahulugan ng pangakong ito ngayon para sa atin?

2 | Ang Hari na may karunungan sa paghatol.

Mananatili sa kanya ang Espiritu ng Panginoon at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa, kakayahan sa pagpapalano, kapangyarihan, kaalaman, at takot sa Panginoon. ISAIAS 11:2

ISAIAS 11:2

(Basahin din ang **ISAIAS 11:3,4.**)

Noong panahon ng mga Israelita, ang isa sa mga tungkulin ng hari ay ang maging hukom na nagsasabi kung ang isang naakusahan ng krimen ay palalayain o ikukulong. Sa pamamagitan ni Isaias, binigyan ng Diyos ng kasiguruduhan ang mga Israelita na mananatili ang Espiritu ng Panginoon sa Haring ipinangako Niya, at magbibigay ito sa Kanya ng karunungan, pang-unawa, kaalaman, at takot sa Panginoon. Dahil dito, ang pagbibigay Niya ng hatol ay hindi magiging katulad ng tao na tumitingin sa panlabas na anyo o kaya ay sa sinasabi ng iba. Bagkus ay gagawin Niya ito nang may katuwiran at katarungan.

Paano magbabago ang paraan natin ng pamumuhay ngayong alam natin na ang Diyos ay tumitingin sa mga puso natin at hindi sa panlabas na anyo?

3 | Ang Hari na nagliligtas.

¹⁰Darating ang araw at isisilang ang bagong hari mula sa lahi ni David na magsisilbing hudyat sa mga bansa para magtipon sila. Magtitipon sila sa kanya, at magiging maluwalhati ang lugar na tinitirhan niya. ¹¹Sa araw na iyon, muling gagamitin ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan para pauwiin ang mga natitira sa mga mamamayan niya na dinalang bihag sa Asiria, Egipto, Patros, Etiopia, Elam, Babilonia, Hamat at sa iba pang malalayong lugar. ISAIAS 11:10,11

Bagamat ang haring ito ay matuwid at makatarungan, sinabi ni Isaias na ang mga bayan ay mapapalapit sa Kanya at na ibabalik Niya ang Kanyang mga mamamayan na nagkahiwa-hiwalay sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ito ay isang larawan ng pagpapalaya at kaligtasan para sa Kanyang mga mamamayan. Hindi ito kalayaan mula sa mga pisikal na pang-aapi na dinaranas nila kundi mula sa pagkaka-alipin sa kasalanan. At ibinigay din Niya ang kaligtasang ito sa lahat ng bayan. Ibahagi ang kuwento kung paano ka pinalaya ng Diyos mula sa pagkaalipin sa kasalanan.

APPLICATION

- Ibinigay mo na ba ang buong tiwala mo kay Jesus, ang Haring may karunungan at matuwid sa pagbibigay Niya ng hatol? Gusto mo bang gawin ito ngayon?
- Ano ang dalawang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang umasa sa karunungan ng Diyos?
- Sino sa mga nakapaligid sa iyo ang nangangailangan ng karunungan ng Diyos para sa isang sitwasyon? Paano mo siya mahihikayat na umasa kay Jesus ngayong linggo?